

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 8
Ang Daigdig sa Klasikal at
Transisyunal na Panahon
(MESOAMERICA)
Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo



Jomar B. Vagallon

Manunulat

Ma. Martha R. Ullero

Tagasuri

Aileen C. Penaranda

Layout

Maria Elena C. Araja at Mariel Eugene L. Luna

Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Ang **KLASIKAL** ay tumutukoy sa salitang may kaugnayan sa literatura, panitikan, arkitektura o ideya na may kinalaman sa naunang panahon. Ginagamit din ang salitang klasikal bilang pantukoy sa mga lugar bago pa magkaroon sa kasalukuyan panahon. Sa aralin na ito malawak nating mapag-aralan ang iba't-ibang lugar na sumibol sa panahon ng klasikong kabihasan tulad ng imperyong umusbong at umunlad sa America, Africa at mga pulo sa Pacific. Dito malalaman natin ang mga dahilan ng kanilang pag-unlad at pagbagsak na naging bahagi na ng ating kasaysayan.

Mga Aralin at Sakop ng Modyul

- Aralin 3: Pag-usbong at Pag-unlad ng mga klasikal na Lipunan sa:
 - Africa
 - America
 - Mga pulo sa Pasipiko

Sa modyul na ito, inaasahang matutuhan ang:

1. Natutukoy ang mga dahilan ng pag-unlad at pagbagsak ng mga klasikong lipunan sa Africa, America at mga pulo sa Pasipiko.



UNANG PAGSUBOK

A. Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap.

Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin ang naglalarawan sa sinaunang kabuhayan ng mga tao sa kabihasan sa Mesoamerica?
 - a. Ang mga sinaunang mamamayan ay sumasamba sa kalikasan.
 - b. Ang mga sinaunang pamayanan ay matatagpuan sa lambak at isla.
 - c. Ang mga nasasakop na lungsod ay kailangan magbigay ng *tribute* o buwis.
 - d. Ang paghahalaman at paghayupan ang pangunahing kabuhayan ng mga tao sa kabihasan sa Mesoamerica.
2. Sino ang unang nakarating at gumalugad sa Amerika?

a. Columbus	b. Cortes	c. Magellan	d. Pizzaro
-------------	-----------	-------------	------------
3. Isang uri ng sistemang panulat ng mga taga Inca.

a. Atolls	b. Chinampas	c. Hieroglyphics	d. Quipu
-----------	--------------	------------------	----------
4. Ang salitang “meso” sa Mesoamerika ay nangangahulugang?

a. Una	b. Gitna	c. Dulo	d. Huli
--------	----------	---------	---------
5. Ang kalendaryong Mayan ay binubuo ng _____ araw.

a. 35	b. 365	c. 536	d. 563
-------	--------	--------	--------
6. Ang unang sibilisasyon na gumamit ng rubber na mula sa sap ng puno ng rubber.

a. Ghana	b. Inca	c. Maya	d. Olmec
----------	---------	---------	----------
7. Ang mga ito ay may mahalagang katungkulan tulad ng pagtakda ng petsa kung kailan maaring ikasal ang magkasintahan, magtanim ng mga palay, magbi-vinta at makikipaglaban.

a. manggagamot	b. pinuno	c. politiko	d. shaman
----------------	-----------	-------------	-----------

8. Sila ang pinaniwalaang pinagmulan o “parent-culture” ng kabihasnang Mesoamerica?
 - a. Aztec
 - b. Inca
 - c. Maya
 - d. Olmec
9. Alin dito ang hindi kabilang sa klasikong kabihasnang Mesoamerica?
 - a. Aztec
 - b. Ghana
 - c. Inca
 - d. Maya
10. Masasabing ang isang lugar ay lungsod-estado kung ito ay _____
 - a. Maraming pataniman
 - b. Mayroong iba’t-ibang paniniwala
 - c. Mayroong patubigan para sa pananim.
 - d. Mayroong mahahalagang estruktura tulad piramide, pamilihan at templo.

B. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang tinutukoy sa bawat bilang at isulat sa patlang ang tamang sagot.

11. Ang Tenochtitlan o kung tawagin sa salitang _____ ay may kahulugang *place of the cactus fruits*.
12. Tawag sa artipisyal na pulo na kung tawagin ay mga floating garden.
13. Siya ang Espanyol na nanakop sa Imperyong Aztec _____
14. Ang _____ pinakamalaking siyudad ng Mayan na mayroon lamang 40,000 katao na naninirahan.
15. Ito ay naging sentro ng pangkabuhayan at politikal sa imperyong Aztec.

Chinampas	Hernando Cortes	Nuathal
Tikal	Tenochtitlan	



BALIK-TANAW

Sa nakaraang aralin, pinag-aralan natin ang pag-usbong at pag-unlad ng mga Klasikal na lipunan sa Europa at mga iba’t ibang ambag na ideya at estruktura sa ating daigdig. Hindi rin natin pinalagpas na pag-aralan ang mga ambag ng kabihasnang Romano na patuloy na nababasa, nakikita at nagagamit sa kasalukuyang panahon. Sa gawaing ito, babalikan natin ang mga larawan at ideyang maaring makatulong sa pagtuklas ng ating bagong aralin. Simulan mo na!

Gawain 1: Larawan o Ideya

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin sa loob ng kahon at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay isang pampalakasang paligsahan na nilalahukan ng mga atleta sa iba’t-ibang bahagi ng bansa. _____
2. Isang manunulat at rapsodista na may akda ng Iliad at Odyssey. _____
3. Ito ay isang pamamaraan ng patuloy na pagtatanong hinggil sa mga bagay-bagay upang matiyak kung sila ay may mga kasagutan sa mga katanungang ito. _____
4. Ito ay isang gusaling pinatayo ng Rome para sa mga labanan ng mga gladiator. _____
5. Ito ay salitang **Latin** ay tumutukoy sa panahong tahimik at masaganang panahon ng Roma. _____

A. Coliseum	B. Socratic Method	C. Pax Romana
	D. Olympics	E. Homer





PAGPAPAKILALA NG ARALIN



Chinampas o floating garden ay isang artipisyal na pulo. Ano ang dahilan kung bakit ito ginawa?

Ang **Quipu** ay sistema ng panunulat ng mga taga Inca. Paano ito nakatulong sa pag-usbong ng sibilisasyon?



Gabay na Tanong:

1. Batay sa timeline, ano-anong mga lungsod ang umusbong sa kabihasnang America?
2. Ano ang kahalagahan ng paglalakbay ni Christopher Columbus?
3. Anong konklusyon ang iyong mabubuo tungkol sa pag-usbong ng mga kabihasan sa daigdig?
4. Batay sa iyong kaalaman, ano-ano ang mga sanhi at dahilan ng paglakas at paghina ng isang kabihasan. Isulat sa loob ng piramide ang iyong sagot.

Sanhi ng paglakas

Dahilan ng paghina

Marahil ay handa ka nang tuklasin ang mga kasagutan sa iyong mga katanungan. Simulan na natin!



Bago pa man magsimulang marating ni Christopher Columbus ang America, namayani na ang iba't –ibang sibilisasyon katulad ng Aztec, Maya, Inca at Olmec sa Hilaga at Timog America. Ang mga pyramid ay simbolo ng tugatog ng kanilang

tagumpay bago ito salakayin ng mga mananakop. Paano nga ba lumakas at humina ang bawat kabihasan?

Maraming mga paniniwala na ang America ay nagmula mga lahing Asyano bilang migranteng mangangaso na napadpad sa Hilagang bahagi ng America. Sa panahon ng yelo ang mga mangangaso ay naglalakbay kasama ang kanilang mga alaga at sila ay napadpad sa iba't ibang bahagi ng America at doon natutunan nila ang paghahalaman na naging simula ng kanilang paninirahan sa mga lugar na ito. Ilan sa mga naunang sakahan na naging kanilang lunduyan ay matatagpuan sa bahaging Central Mexico hanggang Central America kung kaya tinatawag itong “meso” na ang ibig sabihin ay “Gitnang bahagi”. Dito sila ay nagtatanim ng mais, patani, kalabasa, abokado, sili, pinya, papaya at cacao. Dito nabuo ang iba't ibang kultura at sibilisasyon. Isa sa mga naunang sibilisasyon na nabuo ay ang Sibilisasyon Olmec na tinatawag ding “rubber people” sa kadahilanang sila ang unang mga taong gumamit ng rubber sa pamamagitan ng pagkuha ng “sap” sa puno ng rubber.


Ilan sa mga pamanang naiwan ng mga Olmec ay ang paggamit ng numero na mayroong tatlong simbolo, **tuldok** na ang ibig sabihin ay bilang “isa”, **pahalang** naman ay may bilang na “lima” at **bilog** na nangangahulugang “zero”. Hindi rin mapantayan ang mga kontribusyon ng Olmec sa arkitektura. Ilan lamang dito ay ang mga Olmec Colossal Heads, na may taas na 1.17 hanggang 3.4 meter o 3.8 to 11.2 pulgada. Isa pang kontribusyon ng mga Olmec ang pyramid na templo na kanilang pinaniwalaan na ang diyos ay nakatingin sa kanila sa ibaba. Marami pang mga kontribusyon ang Olmec sa kultura bago sila naglaho pagkalipas ng isang daang siglo. Pinaniwalaan na ang Olmec ay siyang “parent-culture” ng mga Mesoamerica.



Olmec Colossal Head

Ang Sibilisasyon ng Maya

Habang patuloy na ginugupo ang Olmec, umuusbong naman ang sibilisasyong Maya sa silangang bahagi ng Gulf of Mexico ng Yucatan Peninsula at sa timog na bahagi ng kasalukuyang Guatemala. Ang pagkaroon ng hindi matabang lupa at kakulangan sa mga malalaking ilog ay hindi naging sagabal para sa mga Maya na umunlad ang kanilang sibilisasyon. Kaya ang mga Mayan ay gumawa ng mga terraces o hagdan-hagdang taniman na kagaya ng Banaue Rice Terraces upang makaipon ng mga tubig na nanggaling sa ilog upang makapagtanim ng mga mais, kalabasa, at cacao.



Mayan Calendar

Ang mga Mayan ay binubuo ng mga maliliit na siyudad at hindi isang malaking imperyo. Ang kanilang pinakamalaking siyudad na Tikal ay mayroon lamang 40,000 katao na naninirahan. Tinatawag na **halach uinic** o “tunay na lalaki” ang kanilang pinuno. Dito rin nabuo ang tinatawag na lungsod-estado kung saan matatagpuan ang mga piramide, templong simbahan, monumento at *observatory*. Ang mga *priests* o *shaman* ay may mahalagang katungkulan na ginagampan tulad na lang pagtakda ng petsa kung kailan maaring ikasal ang magkasintahan, magtanim ng mga palay, mag-vinta at makikipaglaban. Ang mga *priests* o *shaman* ay nag-oobserba ng kalawakan gamit ang mga planeta at bituin. Dahil dito, sila ay nakabuo ng pinakatugmang kalendaryo na mayroong 365 na araw. Subalit hindi rin tumagal ang pamamalagi ng kabihasnang Mayan at tuluyang inabandona o

iniwan. Ang pagbagsak ng kabihasnang Mayan ay nagdulot ng paglaho ng kanilang kapangyarihan sa timog na bahagi ng Mesoamerica.



Gabay Tanong: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Paano nakabubuti sa mga Mayan ang kanilang mahusay na sistema ng pagtatanim?
2. Magbigay ng patunay na may mataas na kabihasan ang mga Mayan.

Ang Sibilisasyong Aztec

Ang maliliit na pamayanan sa Valley Mexico ay nagsimulang umunlad at ang mga mamamayan dito ay nagtatag ng isa sa unang imperyo sa Mesoamerica ang Imperyong Aztec. Itinatag nila ang Tenochtitlan o kung tawagin sa salitang Nuathal ay *place of the cactus fruits*. Ito ang naging sentro ng imperyong Aztec. Ang mga taong naninirahan dito ay tinatawag na *Mexica* na nanggaling sa hilagang bahagi ng Mexico. Ang Aztec ay namumuhay sa pagtatanim kaya sila ay lumikha ng mga artipisyal na pulo na kung tawagin ay *chinampas*. Ang mga Aztec ay nakikipag alyansa upang mas lalo pa nitong mapalawak ang kanilang mga lupain. Ang paninindak at pagsasakripisyo ay ilan lamang sa kanilang pamamaraan para mapasunod at makontrol ang mga karatig lugar. Ang lahat ng kanilang nasasakop ay kinakailangan magbigay ng taunang tribute o buwis katulad ng mais, koton, rubber balls, tsokolate, mga balat ng hayop at likas na yamang dagat tulad ng perlas. Si Huitzilopchli (diyos ng araw at digmaan) ay pinakamahalagang diyos ng mga Aztec.

Huitzilopchli



Namayani ang edukasyon sa Aztec noong ika-16 siglo kung saan ang mga kalalakihan at kababaihan na may edad 15-20 taong gulang ay mga piling bata na nagkakaroon ng edukasyon sa idolohiya, *poetry*, pagbasa at administrasyon. Habang ang mga pangkaraniwang bata naman ay tinuturuan sa pakikipagdigma.

Pero hindi naglaon, natigil ang pamamayani ng mga Aztec nang sila ay sinakop ng mga espanyol sa pamumuno ni *Hernando Cortez*. At noong 1521, tuluyan ng bumagsak ang Tenochtitlan.

Sibilisasyong Inca



quipu

Katulad din ng ibang kabihasan, ang mga Incan ay naninirahan sa gilid ng lambak Andes na binubuo ng mga maliliit na lungsod-estado. Pagtatanim at paghahayupan ang ilan lamang sa kanilang mga hanapbuhay. Natutunan nila ang kahusayan sa pagtatanim ng mga mais, kalabasa, mani, at bulak. Natuto din silang mag-alaga ng hayop upang may mapagkukunan ng pagkain at gamit sa pamamagitan ng *wool* na galing sa Llama at Alcapas. Tulad ng Aztec, sumasamba din ang mga Incan sa diyos ng araw na si Inti. At naging sentro ng kanilang paniniwala ang bundok Andes.

Habang lumalaki ang populasyon ng mga Incas patuloy silang nagpapalawak ng lupain sa pamamagitan ng pakikipagdigma sa kanilang mga kalapit lugar hanggang sila ay maging isang imperyo at naging sentro ng kanilang politika at kultura ang Cuzco. Naging saklaw ng imperyo ang mga kasalukuyang lupain tulad ng Peru, Ecuador, Bolivia, Chile, at Argentina.




Dahil walang maayos na sistemang panulat ang mga Inca, pawang mga tinaling lubid ang kanilang ginamit bilang panulat na tinatawag nila *quipu*. Hindi nagtagal nagkaroon ng isang malawakang epidemya ang imperyong Inca bago pa sila sinakop ng mga espanyol sa pamumuno ni *Francisco Pizarro*. Sa kabila ng kanilang pakikipagtunggali hindi nagawang manaig ng mga Inca dahil sa mga bagong teknolohiya na dala ng mga espanyol. Dito na tuluyang nagapi ang Imperyong Inca.



GAWAIN

Gawain 1: Daloy ng mga Pangyayari

Panuto: Pumili ng isang imperyo at itala ang pag-unlad at dahilan ng pagbagsak nito gamit ang grapikong pantulong.



Gawain 2

Panuto: Itala ang dahilan ng paglakas at paghina ng Kabihasnang Mayan sa tulong ng grapikong pantulong.

Pamahalaan at Relihiyon	<u>Paglakas:</u>
	<u>Paghina:</u>
Ekonomiya at Kabuhayan	<u>Paglakas:</u>
	<u>Paghina:</u>
Mga Lungsod- Estado	<u>Paglakas:</u>
	<u>Paghina:</u>



TANDAAN

Maraming mga kadahilanan ang ating natutunan kung bakit naglaho ang isang sibilisasyon. Ilan sa mga ito ay maaring dulot ng isang pandemya, maling pamumuno, pagkaroon ng bagsak na ekonomiya at kabuhayan, at maling pakikipag-alyansa. Nasuri din natin na marami ring mga pamanang naiwan ang mga sinaunang kabihasnang Mesoamerica.

Sa kasalukuyan, makikita pa rin ang mga pamana ng mga Kabihasnang Klasikal na Maya, Aztec, at Inca. Ang mga estruktura tulad ng **Pyramid of Kukulcan ng Maya, Pyramid of the Sun ng Aztec, at ang lungsod ng Machu Picchu** ay hinahangaan at dinarayo ng mga turista dahil sa ganda at kakaibang katangian nito. Ito ay isang paalala ng mataas na kabihasnang nabuo ng mga sinaunang mamayang America.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Panuto: Bilang isang mamamayang Pilipino, ano-ano ang mga dapat mong gawin upang makatulong sa pag-unlad ng ating bansa sa gitna ng pandemya. Isulat ang sagot sa mga kahon sa ibaba.

Mga dapat gawin upang umunlad ang bansang Pilipinas



**PANG-WAKAS NA
PAGSUSULIT**

A. Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong/pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Siya ang pinakamahalagang diyos ng Aztec
A. Huitzilopchli B. Inti C. Kukulcan D. Tenochtitlan
2. Kailan yumabong ang sibilisasyong Maya?
A. 500 CE B. 1500 CE C. 1200 BCE D. 1500 BCE
3. Espanyol na sumakop sa kabihasnang Aztec.
A. Columbus B. Cortes C. Magellan D. Pizzaro
4. Ang sibilisasyong Inca ay sumibol sa _____.
A. Gulf of Mexico C. Valley Mexico
B. Lambak ng Andes D. Wala sa nabanggit
5. Sa sistema ng pagbibilang ng mga Olmec, ang tuldok ay may bilang na _____.
A. Isa B. Lima C. Sampu D. Wala
6. Tinatawag na _____ o tunay na lalaki ang mga pinuno ng Aztec
A. Chiefdom B. Halach-uinic C. Priest D. Shaman
7. Ang _____ ay sistemang panulat na gamit ang tinaling lubid.
A. baybayin B. hieroglyphics C. lines D. quipu
8. Si Francisco Pizzaro ay isang _____ na sumakop sa kabihasnang Inca.
A. Amerikano B. Espanyol C. Pranses D. Tsino
9. Ang mga Incan ay naninirahan sa gilid ng _____.
A. Gulf of Mexico C. Valley of Mexico
B. Lambak ng Andes D. Yucatan Valley
10. Ang _____ o pagsamaba sa kapaligiran ay isang uri ng paniniwala ng mga mamayan ng Mesoamerica.
A. Animismo B. Islam C. Katoliko D. Protestanismo

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap, **MALI** kung hindi.

- _____ 1. Ang makabagong teknolohiya na dala ng mga espanyol ay bunsod ng pagbagsak ng mga sibilisasyon.
- _____ 2. Ang mga Mayan ay gumawa ng mga terraces upang makapag-ipon ng mga tubig sa pananim.
- _____ 3. Ang pabago-bagong klima ay isa sa mga dahilan ng paglakas ng isang sibilisasyon.
- _____ 4. Ang mais ang pangunahing produktong pananim ng mga mamamayan.
- _____ 5. Ang sibilisasyong Inca ay sumibol sa Valley Mexico.

Sanggunian:

Aklat

Elisio D. Malanay Jr, Araling Panlipunan 8, Kasaysayan ng Daigdig*Modyul Ng Mag-aaral
(Department of Education-Bureau of Learning Resources: Groun floor, Bonifacio Bldg., DepEd Coplex
Meralco Avenue, Pasig City Philippines,2016), Pahina 180-223

Websites

- Pacific: <https://tinyurl.com/y3a8nyx3>
- Aztec: <https://bit.ly/3fxfgA6>
- Map : <https://tinyurl.com/y4mh2vr9>
- Collosseum: <https://tinyurl.com/yc7g38yh>
- Olympic image: <https://tinvurl.com/y3naocsc>
- Image: <https://tinyurl.com/y6t9wfz3>
- Quipo: <https://tinyurl.com/y3qxr2wm>
- Larawan: <https://tinyurl.com/vxfzflvc>
- Columbus: <https://tinyurl.com/y54ckles>
- Hernando Cortes: <https://tinyurl.com/y5p6zbnb>

Susi sa Pagwawasto:

Unang Pagsubok
1. D. 2. A. 3. D. 4. B. 5. B. 6. D. 7. D. 8. D. 9. B. 10. D. 11. Nuathal
12. Chinampas 13. Hernando Cortes 14. Tikal 15. Tenocitlan

Balik Tanaw
1. d. 2. e. 3. b. 4. a. 5. c

Pangwakas na Pagsusuli
1. C. 2. A. 3. A. 4. B. 5. A. 6. B. 7. A. 8. C. 9. B. 10. A
11. TAMMA 12. TAMMA 13. MALI 14. TAMMA 15. MALI